DepEd Advisory No. 8, s. 2015
January 14, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff as well as the concerned public
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO 2015 NG DE LA SALLE UNIVERSITY

Ang Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Maynila (DLSU-Maynila) ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar sa Filipino 2015* na may temang S*ining, Kultura, at Lipunan sa Bagong Kurikulum ng Filipino: Multi/Interdisiplinaryong Perspektiba* mula Abril 27 hanggang 29, 2015 sa Yuchengco 407-409 sa DLSU, Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ng Filipino;
2. mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at bilang multi/interdisiplinaryong asignatura na sumasaklaw sa sining, kultura, at lipunan ng Pilipinas; at
3. makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng multi/inter-disiplinaryong perspektiba sa bagong kurikulum ng Filipino.

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga guro sa pampubliko at pampribadong paaralan ay inaanyayahang dumalo.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipagugnayan kay:

Dr. Rowell Madula
Director, Pambansang Seminar 2015
De La Salle University (DLSU)
Taft Avenue, Maynila
Telepono Blg.: (02) 524-4611 lokal 509
Fax Blg.: (02) 524-4611 lokal 552
Mobile Phone Blg.: 0917-874-2006
Email Addresses: rowell.madula@dlsu.ph

Madel: DLSU Pambansang Seminar 2015
0015-January 12, 2015